

THE ARCHIVE

A Journal Devoted to the Study of
Philippine Languages and Dialects

Edited by

ERNESTO A. CONSTANTINO
EMILITA L. CRUZ
VIVECA V. HERNANDEZ

CONSUELO J. PAZ
IRMA U. PENEYRA
RICARDO MA. NOLASCO

Publication Fourteen

August 1998

WIKA AT PAGPAPALAYA *Mga Papel ng Ika-8ng Kongreso ng Linggwistiks sa Pilipinas*

Disyembre 15 -17, 1997

inedit ni:

RICARDO MA. NOLASCO

sa tulong nina:

Rowena T. Bachiller at Alexander T. Galleposo

A Publication of the
DEPARTMENT OF LINGUISTICS
College of Social Sciences and Philosophy
University of the Philippines
Diliman, Quezon City

The **ARCHIVE** is published nonperiodically by the **CECILIO LOPEZ ARCHIVES OF THE PHILIPPINE LANGUAGES** of the Department of Linguistics, College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines, with the cooperation of the **PHILIPPINE LINGUISTICS CIRCLE**. It is designed for the publication of preliminary reports and data-oriented papers dealing primarily but not exclusively with Philippine languages and dialects.

Contributions and inquiries concerning orders should be sent to the Editorial Committee, The **ARCHIVE**, Faculty Center 2111, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, Philippines

EDITORIAL COMMITTEE

ERNESTO A. CONSTANTINO
CONSUELO J. PAZ
EMILITA L. CRUZ
IRMA U. PENEYRA
VIVECA V. HERNANDEZ
RICARDO MA. NOLASCO

BRD. ANDREW

*PL
5501
A74
1998*

BUSINESS MANAGERS

ROWENA T. BACHILLER
JOSEPH JUNSEN S. DECENA

DE LA SALLE UNIVERSITY-MANILA LIBRARY

PASASALAMAT

Sa College of Arts and Sciences Alumni Association (CASAA), Diliman Committee on Arts and Culture (DCAC), Opisina ng Chanselor ng UP Diliman, at Japan Foundation na hindi nag-atubiling magbigay ng tulong *sa Ika-8ng Konggreso ng Linggwistiks sa Pilipinas*;

Sa lahat ng nagdeliver ng lektyur at nagbigay ng papel, kasama na sina Ka Luis at Peregrino Taruc, at Prop. Dante Ambrosio;

Sa mga modereytor ng konggreso na sina: Prop. (at ngayon ay Dr.) Viveca V. Hernandez, Prop. Roberto Tangco, Prop. Ruby Alcantara, Prop. Filomin C. Gutierrez, Prop. Melecio Fabros III, G. Rene Escalante, G. Arthur Navarro, G. Alvin Tan, B. Mary Jane Rodriguez, at B. Frieda Marie Bonus;

Kina Prop. Emilita Cruz at Prop. Irma U. Peneyra na naging sobrang maasikaso sa nutrisyunal na kapakanan ng lahat ng mga partisipant;

Kina Mang Boy Vasquez, Manong Alex Galleposo, Manay Judith Genota, Kyn Firmalino, Rowena Bachiller, Lucy Cruz, Kathlyn de Fiesta, Clement Joy Viado, Nora Cara, Rocel Ching, Gerry Siadan, Mary Grace Barretto, Isabel Antonio, Daniel Kaufman at Tina Manuelli na nagpadala ng mga sulat, nagmimyograp ng mga lektyur at nagdekoreyt ng pisikal na lugar;

Sa UP Singing Ambassadors (sori ha?) at sa KONTRA-GAPI;

Sa SALIN at iba pang tumulong na hindi namin maalala ang mga pangalan;

Kina Joseph Decena at Olive Teotico na nakatulong nang malaki sa huling bahagi ng proseso ng publikasyon;

Kay Dan Tayona na nagdisenyo ng pabalat;

At kina Rowena Bachiller at Alexander Galleposo, na nagtyaga at nagpuyat sa pagtatayp at pag-eedit ng librong ito;

MARAMING SALAMAT, MABUHAY KAYO AT SA UULITIN.

Ricardo Ma. Nolasco
Puno
Departamento ng Linggwistiks
UP Diliman, QC

Agosto 28, 1998

INTRODUKSYON

Ito ay koleksyon ng mga papel na binasa sa **Ika-8ng Konggreso ng Linggwistiks sa Pilipinas** na idinaos sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman noong Disyembre 15-17, 1997. Tinatalakay sa koleksyong ito ang pinaka-napapanahon at pinakatampok na mga isyu sa wika dito sa ating bayan. Minimal ang ginawang pag-edit sa mga papel, at maliban sa tipograpikal na mali ay minarapat ng mga editor na panatiliin ang orihinal na istilo at ispelang ng mga awtor. Sumusunod ang buod ng mga papel na kasama sa koleksyon.

Sa kanyang keynote na talumpati ay pinansin ni Chanselor Llaguno na sa kabila ng pagkakaroon ng Pilipinas ng wikang pambansa ay marami pa ring hadlang sa paggamit nito bilang opisyal na wika at midyum ng pagtuturo. Dahil dito, tama lang para sa kanya na ang salitang "pagpapalaya" sa halip na "kalayaan" ang inilakip sa "wika" sa tema ng kongreso-upang bigyang-diin ang proseso at tungkulin ng pagpapalaya.

Sinabi ni Constantino na ang linggwistiks at pag-aaral ng wika sa Pilipinas ay kolonisado at kontrolado pa rin ng mga dayuhan at elitistang pag-iisip. Ikinuwento niya na kahit kakaunti ang mga linggwist sa departamento ng linggwistiks sa UP ay nakuha nitong gumawa ng mga surbey, reserts at pag-aaral ng ating mga wika sa pambansang saklaw batay sa sarili nilang istruktura. Idinagdag pa niya na mga Pilipino, hindi mga dayuhan ang dapat magtakda ng teoretikal na batayan at direksyon ng pag-aaral ng linggwistiks sa Pilipinas.

Iniharap at diniskas ni Paz ang kanyang teorya kung paano sumilang ang wikang pambansang Filipino. Ayon sa kanya, ang prosesong dinaanan ng Filipino ay hindi "pidjin muna, tapos kreyol", kundi naging linggwa-frangka ito. Sinabi ni Paz na ang komon o unibersal na nukleyus ng mga wika sa Pilipinas ang siyang dahilan kung bakit madaling nabuo, tinanggap at lumaganap ang Filipino bilang linggwa frangka ng bansa.

Idineskrayb naman ni Cagas-dela Cruz ang Filipinong nag-eevolv sa Mindanaw. Tiniyak niya na iba ito sa Tagalog dahil nag-iingcorporeyt ito ng mga fityur mula sa Sebwano, Magindanaw at iba pang wika sa erya. Sa tantya niya, ang varayting ito na naririnig sa mga lugar tulad ng Kotabato, Gen. Santos City at Davaw, ay magkakaroon ng higit na maraming ispiker at magiging linggwa frangka para sa mga taga-Mindanaw.

Ang papel ni Valdez ay tungkol sa kontrobersyal na pag-ispeling sa Filipino. Para sa kanya, tanda ng pag-unlad ng isang wika ang panghihiram pero kailangan daw panatilihin sa pag-ispeling ang kinagisnang isahang tumbasan ng mga titik, at gamit ng gitling. Sa pagsasafilipino ng mga banyagang salitang hiram, hindi niya sinang-ayunan ang pagpapanatili ng orihinal na baybay, gayundin ang pagbabaybay alinsunod sa mga tunog lamang ng Tagalog.

Pinaboran naman ni Almario ang aniya'y simulaing pluralista sa pagpapaunlad ng Filipino: wikang rehiyonal sa lokal na gamit at wikang pambansa sa gamit pambansa. Ang layuning estratehiko, para sa kanya, ay ang ganap na gamitin ang Filipino sa lahat ng "sektor ng kapangyarihan" ng lipunan, at bilang wikang panturo mula elementarya hanggang kolehiyo. Para makamit ito, kailangan daw ang: mga eksperto sa Filipino; pagtigil sa mga seminar ng ibat ibang pangkat; mga teksbuk sa Filipino mula kolehiyo pababa; isang sentro ng pagsasalin at pagpapatuloy ng patakarang bilinggwal.

Iginiit ni Malicsi na ang karapatang pangwika ay karapatang pantao, at nanawagan siya na hindi dapat payagan ang "hejomoni-sa-wika" o pagpili at pagpataw ng isang opisyal na wika sa isang multilinggwal na institusyon. Nagmungkahi siya ng apat na paraan ng paglaban—ang pagrere-defayn ng mga termino, ang pag-aasayn sa ibat ibang wika ng ibat ibang fangkasyon, ang pagpapalit ng sistema sa pamamagitan ng aktibismong pangwika at di-pagsunod sa umiiral na palakad.

Sa kanyang papel ay sinuri ni Nolasco ang mga tuntunin sa pagkanta ng Bikol na foksong—mga tuntunin at kombensyon ng kanyang form o anyo, rendisyon, setting o tagpo, at paraan ng interpretasyon—na pawang kailangan upang malikha at maunawaan ang aniya'y "tumpak, buo at angkop (correct, wellformed and contextually appropriate) na mga kantang bayan."

Isang papel lamang ang tuwirang tumalakay sa isyu ng kowdswitching. Ito iyong papel ni Bautista na dito ay diniskas niya ang tatlong magkakaugnay na tipo ng paghahalo-ng-wika—pangkompetens, pangkomunikasyon at pangkultura. Tinukoy ni Bautista kung anong uri ng mga istraktyur at kung saang mga lugar sa sentens maaaring maganap ang kowdswitching.

Binanggit ni Guerrero na ang mga sulatin ni Bonifacio ay napakaiikli, wala pang tatlumpung-pahina ng kompyuter na papel. Subalit, mayroon daw itong ingredyente na wala ang *La Solidaridad*, kung kayat nakuha nitong antigin at pasilakbuhin ang damidamin ng mga Pilipino upang ilunsad ang unang himagsikan sa Asya. Ito ang paggamit ng wikang Tagalog.

Sa papel niya tungkol sa pagsasalin, inilinaw ni del Corro na ang katangiang mapagpalaya ng isang wika ay wala mismo sa wika kundi sa mga gumagamit nito. Aniya, nilikha ng tao ang dalawang paraan ng pagsasalin—ang formal korespondens at daynamik ekwivalens—upang maangkin ng isang wika ang mga kaalamang dati rati'y aveylabol lamang sa orihinal na wika. Ang paradoks, anya, ay habang madaling naiintindihan ang salin ay lalo namang pinagdududahan ang katapatan nito sa orihinal.

Sinikap sagutin ni De Leon kung ang wika ng midya ay itinatakda ng masa, o baligtad. Sinabi niya na sa punto de bista ng marketing ay masasabi nga na ang wika ng midya ay idinidikta ng kanyang target na manonood. Sa kabilang

dako, sa sandaling pik-apin ng midya ang ilang mga ekspresyon at salita ay nagagawang balido't nagiging bukambibig ang mga ito dahil sa lawak ng naaabot ng mga peryodiko't nyuskast.

Ibinahagi ni Liwanag ang karanasan ng dalawang dating kolonya—ang Singgapor at Hongkong—sa paggamit ng wika sa edukasyon. Isinalaysay niya kung paano nabuo at tumakbo ang dalawahang-sistema sa edukasyon ng Hongkong at apatang sistema ng Singgapor. Sa ngayon, ulat ni Ligaya, isang kakaibang uri ng Ingles ang lumitaw na sa Singgapor, samantalang sinisikap naman ng Tsina na iintegreyt ang Hongkong sa meynland sa pamamagitan ng pagtuturo ng Putunghua.

Sinabi naman ni Epistola na narating na ng linggwistiks ang kanyang hangganan nang ipininid nito ang kanyang pinto sa simbolikong bahagi ng wika. Binalikan at tinalakay ni Epistola ang kalikasan ng linggwistik na pananda (linguistic sign) ni Saussure na siyang batayan kung bakit ang wika ay itinuturing na isang saradong pormal na sistema. Ipinaalala niya na mauunawaan lamang ang wika sa lubos nitong kabuuan—bilang pagpapakatuturan—kung pag-aaralan ito bilang bahagi ng mas malawak na agham ng semioloji.

Para kay Salazar, ang paggamit ng wikang sarili sa diskursong historyograpikal ang isa sa pundamental na pagkakaiba ng “bagong kasaysayan” ng Pilipinas sa “historia” ng Kanluran. Mas importante pa rito, “nakakambal-tuko” ang wika sa proyekto ng pagbubuo ng bansa, sapagkat ito raw ang lagakan, kuhanan at ekspresyon ng kalinangang bayan at ng kabuuang hinahangad, namumuo't binubuo.

Ang isa sa mga paborito at nagustuhang papel sa konggreso ay iyong kina Abaya at Hernandez na pumaksa sa salitang bakla bilang sosyolek. Ibinigay nila ang mga istraktyural na fityur at mga tuntunin sa pagbubuo ng mga tunog at mga salita sa wikang ito, gayundin ang mga kontekstong pinaggagamitan nito. Busog sa nakaaaliw na mga halimbawa, ipinakita nina Abaya at Hernandez na ang salitang bakla ay bahagi ng estratejing “pagkukubli” na ginagamit ng grupong ito para makipagtunggali sa “karahasang pangkultura” at “marjinalisasyon” ng lipunang kanilang ginagalawan.

Tungkol sa wika ng literatura, gumawa ng prediksyon si Cruz na bagamat mananatili ang literaturang Filipino ay hindi ito mananatiling Filipino. Hula ni Cruz, lalakas hindi lamang ang literaturang nasa Tagalog at Filipino kundi pati iyong nasa mga lokal at pangrehiyong wika. Inatribyut ni Cruz ang ganitong pangyayari sa ilang development sa loob at labas ng bansa, tulad ng CHED Memorandum Order no. 59, paghina ng Estados Unidos bilang pang-ekonomiyang kapangyarihan, at paglakas ng sarili nating rehiyon.

Isinalaysay ni Nagai kung gaano kaimportante sa programa ng pagsasalin sa Japan ang paglilinang ng sariling sistema sa pagsulat, na binubuo ng tatlong klase ng karakter: Intsik, Hiragana (para sa mga salitang Hapon) at Katakana (para sa mga hiram na salita). Ang isang malaking faktor para sa kanya kung bakit hindi

nag-atubili ang mga Hapon na angkinin ang kultura ng ibang bansa ay sapagkat hindi ito nakolonisa ng mga dayuhan at dahil dito, hindi nakadevelop ng prejudis laban sa mga ito.

Tinalakay ni Ocampo ang mga kontribusyon ni Rizal sa pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas. Ikinuwento niya ang mga sirkumstansya kung paano nasulat ni Rizal ang kanyang ortograpiya't grammar ng wikang Tagalog, at nasimulan ang "isang malaking diksyunaryo ng mga wika at dayalekto sa Pilipinas". Ayon kay Ocampo, nakita rin ni Rizal ang pangangailangan na pag-aralan ang ibang wika tulad ng Bisaya at mga wikang Malayo-Polinesya.

Laman ng papel ni Atienza ang pinakamasaklaw at pinakaimpormatibong pagtatalakay tungkol sa patakarang pangwika ng kilusang pambansang demokratiko sa Pilipinas. Inihayag dito at inanalisa ni Atienza ang lihim na mga dokumento ng mga samahang kabilang sa nasabing kilusan, at ipinakita niya kung paano nagiging makapangyarihang instrumento ang wika sa aniya'y pambansang demokratikong mithiin ng sambayanang Pilipino.

Maaari ngang sabihin na hindi sexist ang ating wika dahil wala itong likas na jendering o pagsasari, ngunit dahil sa pagkakasakop ay nalahian ang ating wika ng pagsasaring kiling sa lalaki at sa patriarkal na diskurso. Ito ang gustong patunayan ni Quindoza-Santiago sa kanyang papel. Ang solusyon sa ganitong problema, ayon sa kanya, ay hindi lamang linggwistik, kundi panlipunan, kung saan gumaganap ng mahalagang papel ang aniya'y kilusang feminista at kilusang mapagpalaya.

Magiging maliwanag sa mambabasa (kahit dito pa lamang sa introduksyon) ang dibersidad ng mga isyung tinalakay sa konggreso at maging ng mga kontribyutor na hindi lamang mga linggwist at tagaturo ng wika kundi mga historyan, antropolojist, pilosoper, sosyolojist, manunulat at praktisyoner sa midya at literatura. Ito'y nararapat lamang, sapagkat ang mga isyu sa wika sa Pilipinas ay napakasalimuot, na ang mga solusyon ay nangangailangan ng interdependens at pagtutulungan ng mga disiplina. Utang namin sa mga kontribyutor ang lahatang-panig na perspektiba sa wika na idinudulot ng mga babasahing ito. Marahil ito ang pangunang kailangan upang makamit ang hinahangad nating pagpapalaya—sa wika, sa tao, sa lipunan at sa bansa.

RICARDO MA. NOLASCO
Puno
Departamento ng Linggwistiks
UP Diliman, QC

Agosto 28, 1998

NILALAMAN

PASASALAMAT	i
INTRODUKSYON.....	iii
CLARO T. LLAGUNO: <i>Keynote na Talumpati</i>	1
CONSUELO J. PAZ: <i>Pagsilang ng Wika: Kaso ng Filipino</i>	7
ANICIA DEL CORRO: <i>Ang Pagsasalin: Nakakapagpalaya nga kaya?</i>	17
MARIA STELLA S. VALDEZ: <i>Ang Alfabet ng Wikang Filipino: Ilang Isyu</i>	33
CINDY MUÑOZ-DE LEON: <i>Ang Broadcast Media at ang Wika</i>	41
SILVINO S. EPISTOLA: <i>Ang Linggwistiks ba ay Pag-aaral ng Wika?</i>	49
JONATHAN C. MALICSI: <i>Linguistic Hegemony</i>	59
EUFRACIO ABAYA at JESUS FEDERICO HERNANDEZ: <i>Salitang Bakla: Makapangyarihan? Mapagpalaya?</i>	69
LUVIZMINDA CAGAS-DELA CRUZ: <i>The Role of Filipino, Sebuano and the Mindanao Languages in the Liberation and Unification of Mindanao</i>	83
LYDIA B. LIWANAG: <i>Mga Kalakaran sa Pagpaplanong Pangwika sa Edukasyon: Karanasan ng Singapore at HongKong</i>	93
MILAGROS C. GUERRERO: <i>Si Bonifacio at ang Wikang Tagalog</i>	107
NILO S. OCAMPO: <i>Un Monumento A Mi Idioma: Ambag ni Rizal sa Pag-aaral sa mga Wika ng Pilipinas</i>	115

MONICO M. ATIENZA:	
<i>Filipino ng Kilusang Pambansa-Demokratiko (KPD):</i>	
<i>Pilosopiya at Pulitika sa Pambansang Wika</i>	131
VIRGILIO S. ALMARIO:	
<i>Takot sa Babel: Ilang Panukalang Pagkilos</i>	
<i>para sa Filipino Bukas</i>	147
MA. LOURDES S. BAUTISTA:	
<i>The Structure of Tagalog-English Code-Switching</i>	157
CYNTHIA D. NOLASCO:	
<i>Ethnography of Speaking the Bikol Folk Song</i>	167
ISAGANI R. CRUZ:	
<i>Ang Wika at Literatura sa Darating na Dantaon</i>	195
ZEUS A. SALAZAR:	
<i>Wika at Historiograpiya: Ang Pag-aaral ng Kasaysayan</i>	
<i>Tungo sa Pagbubuo ng Bansa</i>	201
LILIA QUINDOZA-SANTIAGO:	
<i>Wika, Kasarian at Sekswalidad</i>	215
TOMONOBU NAGAI:	
<i>Ang Programa ng Pagsasalin sa Wikang Hapon</i>	221
ERNESTO A. CONSTANTINO:	
<i>Ang Pagpapalaya ng Linggwistiks</i>	
<i>at Wikang Pambansa ng Pilipinas</i>	235
APENDIKS: <i>Listahan at Adres ng mga Partisipant sa Ika-8ng</i>	
<i>Kongreso ng Linggwistiks sa Pilipinas</i>	